
# 2 Kung Sakali sa Malakas na Lindol Habang nasa Tahanan

## (1) Mga Panganib sa Tahanan


Kung sakali na may lindol habang nasa tahanan, ang sitwasyon ay ipinakikita sa ibaba ay maaring mangyari. Mag-isip ng posibleng panganib sa inyong tahanan.

Nakakalat na mga pirasong basag na salamin ng mga bintana.



**Nababasag**

Kisame, ilaw, TV sets at plorera ay maaring babagsak. Kabinet at mga lagayan ng aklat ay maari ding babagsak.




**Bumabagsak**



**Nasirang hugis**

Hindi nabubuksan na pinto, maaring ang pinto ay nasira o may nakaharang na mga natumbang kagamitan.



**Sunog**

Sa kusina, mga pinggan ay maaring malaglag mula sa mga paminggalan, refrigerator ay maaaring babagsak. Sunog sanhi ng cooking oil na uminit.



### Kung Sakaling May sunog

- Ang apoy ang nagdadala ng nakalalasong hangin, gaya ng carbon monoxide. Upang makalikas sa gitna ng usok, takpan ang bibig at ilong ng tela,gaya ng panyo, at gawing ibaluktot ang iyong katawan kung kinakailangan.
- Unahin ang paglikas ng mga taong nangangailangan ng tulong sa paglikas, gaya ng mga bata at matatanda.
- Kapag nakalikas na, huwag na bumalik sa bahay.
- Kapag kumalat ang apoy, lumikas sa bukas na lugar gaya ng plasa.

Hawakan ang pamuksa ng apoy ng mahigpit at mahinahong isprehan ang apoy.



---

## (2) Upang Maproteksyunan ang Inyong Sarili at ang Inyong Pamilya

①Anu-anong kaalaman tungkol sa lindol kayo at ang inyong pamlya ang sinasagawa ninyo sa inyong tahanan?


②Kung sakaling may malakas na lindol, ang mga sumusunod na sitwasyon ang maaring mangyayari sa inyong tahanan.

| Sitwasyon sa Tahanan | Ang Dapat Gawin |
|---|---|
| Ang aking ina ay nasugutan dahil sa pagkaapak sa isang basag na pinggan. | Hal.) Gawin ang emergency treatment, gaya ng paggamot ng sugat upang mahinto ang pagdurugo. Magsuot ng sapatos upang maiwasang masaktan. Linisin agad ang mga nabasag na pinggan. |
| Narinig ko ang aking nakakabatang kapatid na babae na umiiyak sa ikalawang palapag na bahay. | |
| Tumama ang lindol sa kalagitnaan ng gabi. Hindi ko nakikita ang kahit ano dahil sa buong kadiliman. Walang kuryente dahil sa brown out. | |
| Narinig ko ang anunsyo at sirena na nagpapaala ng tsunami at tumawag ng paglilikas. | |

※Ano ang mga posibleng sitwasyon ang maari mong ipalagay maliban sa nakatala sa itaas? Mag-isip ng mga gagawin sa mga sitwasyon.

③Saan ka lilikas mula sa inyong tahanan? Anu-ano ang mga bagay na dapat tandaan habang lumilikas?

## (3) Mga Kailangan o Emergency Take-Out Articles




Anong uri ng emergency take-out articles ang meron kayo sa inyong tahanan, Ilan?

| Mga Aritkulo sa Paglabas sa Panahon ng Kagipitan | Bilang ng mga Artikulo sa Tahanan | Lugar ng Imbakan |
|---|---|---|
| | | |